7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DepED MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Donah Jean S. Sales
**Content Reviewer:** Edita T. Olan
**Tagaguhit:** Jeewel L. Cabriga
**Tagalapat:** Allan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida
**Enhanced by:** Perlita M. Ignacio, Irma C. Angkiangco
**External Content Validators:** Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez
**External Language Validators:** Corazon G. Are

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasiya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan upang malinang ang maingat na paghuhusga | | | |
| *C. Lilinangin ng Pagpapahalaga* | Maingat na paghuhusga (Prudence) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natututuhan ang masusing paghuhusga sa pamamagitan ng pag-iisip nang mabuti at pagtingin sa katotohanan at kabutihan sa isang sitwasyon<br>A. Natutukoy ang mga katangian, gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob.<br>B. Naipaliliwanag na ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos ay ang nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan, dahil ang mga ito ang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.<br>C. Nailalapat ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasiya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan. | | | |
| *E. Mga Layunin* | a. Natutukoy ang mga katangian, gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob.<br>b. Natutukoy ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos | c. Naipaliliwanag na ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos ay nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan | d. Naipaliliwanag na ang isip at kilos-loob ang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang. | e. Nailalapat ang wastong gamit ng isip at kilos- loob sa mga sariling pagpapasiya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br>f. Nakapagpapakita ng maingat na paghuhusga sa pamamagitan ng pangingilatis sa |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | katotohanan at kabutihan |
| *F. Disensyo ng Instruksyunal* | Inclusive, Ideational, Integrative | Inclusive, Integrative, Innovative | Inclusive, Integrative, Innovative, Ideational | Inclusive, Integrative, Innovative, Ideational |
| *G. 21st Century Skills* | Critical thinking, Communication, Problem solving | Critical thinking, Communication, Problem Solving | Critical thinking, Communication, Problem Solving, Digital Literacy | Critical thinking, Communication, Problem Solving, Collaboration |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasiya at Pagkilos** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | *K to 12 Curriculum Guide* Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul 2 Grade 7, pahina 113 – 118<br><br>https://youtu.be/6RNczyblkBc?si=ZbVeKmCjIJFA0o2J | *K to 12 Curriculum Guide* Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul 2 Grade 7, pahina 113 – 118<br><br>https://youtu.be/tiXuWYBVOEw?si=25sjUYnbT2Si8w3C | https://youtu.be/_b_Z2Xkxr9M?si=om7uikDH5rPr5daU | https://www.philstar.com/bansa/2003/05/03/204742/abortion-sa-rp-umabot-ng-5-milyon-taun-taon |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | |     | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | • *Venn Diagram*<br>• Larawan ng hayop at mga tao<br>• *cartolina/manila paper*<br>• lapis o bolpen<br>• *cut-outs* ng pusa at tao<br>• gunting<br>• *masking tape*<br>• Tsart | • Laptop /TV para sa *wheel of fortune*<br>• Lapis o *ballpen*<br>• *art materials*<br>• *cartolina/manila paper*<br>• Kahon at papel na nakarolyo kung saan nakasulat ang mga tanong. | | Para sa guro na may mga *gadgets*<br>• *laptop* o *cellphone*<br>• *pocket wifi*<br>Para sa mga walang gadgets<br>• *bond paper*<br>• *Manila Paper*<br>• *pentel pen*<br>• *art materials* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Maaring sabihin ng guro:<br><br>*Magandang buhay!*<br>*Handa na ba ang inyong puso at isip para matuto sa araw na ito*?<br><br>Mag-aaral: Opo!<br><br>Guro: Magaling! At upang malaman ko ang inyong mga kaalaman sa aralin, ating suriin ang dalawang larawan na ito :<br><br><br>Gabay na Tanong :<br>1. Ano ang ibig ipahiwatig ng dalawang larawang ito?<br>2. Ano ang ginagawa ng tao at hayop? Ipaliwanag.<br>3. Bakit bukod-tanging ang tao sa lahat ng nilikha? Pangatwiranan. | 4. TAYO o UPO. Ipabasa nang sabay-sabay sa klase ang mga sumusunod na pahayag. Ipatukoy kung ang pahayag ay tama o mali sa pamamagitan ng pagtayo kung tama at pananatiling pag-upo naman kung mali.<br><br>a. Ang isip ay ang kakayahang mag-analisa at unawain ang esensya at kabuuan ng isang bagay. (Tayo)<br>b. Ang kilos-loob ay ang kakayahan ng tao na makatwiran na magkaroon ng kagustuhang umayon sa mabuti at iwasan ang masama.(Tayo)<br>c. Ang isip ay umaasa sa impormasyong ibinibigay ng kilos-loob. (Upo)<br>d. Ang isip at kilos-loob ay kailangang sanayin at linagin upang magampanan ng mga ito ang kani- kaniyang layunin. (Tayo) | 1.Picture analysis: Ibigay ang pagkakaiba-iba ng mga imahe batay sa konsepto ng isip at kilos-loob.<br><br><br> | 1. Itanong: “Ano ang inyong natutuhan sa inyong napanood na video kahapon? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Maaring sagot:<br><br>1. May kakayahan ang taong magdesisyon.<br>2. Ang tao ay gagawin ang alam niyang tama, samantalang ang hayop ay walang kakayahang magdesisyon.<br>3. Dahil ang tao lamang ang may kamalayan.<br><br>Maaring sabihin ng guro:<br><br>Alamin pa natin ang pagkakaiba ng tao at hayop sa pamamagitan ng paghambingin ang mga larawan. Gamitin ang Venn diagram sa pisara upang ipakita ang mga katangian, pagkakatulad,at pagkakaiba ng tao at hayop.<br> | e. Ang tunguhin ng isip ay kabutihan samantalang ang kilos-loob ay katotohanan. (Upo) | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Matapos ang gawain sa pisara ipagawa ang<br><br>***Gawain 1.***<br>Itala ang pagkakaiba ng dalawang larawang ipinakita ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>Batay sa katangian ng hayop at tao sa anong aspekto sila magkatulad? Pangatwiranan.<br><br>Paano mo ihahambing ang hayop sa tao bilang nilikha?<br><br>Sa iyong palagay, paano nakahihigit ang tao sa hayop?<br><br>*Iproseso ang mga sagot ng mga mag-aaral at akayin sila sa konsepto ng aralin.* | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa kakayahan ng mag-aaral.<br><br>Sabihin: | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihin: | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihin: | 1. Mula sa panimulang gawain ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br><br>Sabihin: |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Sa araw na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:*<br>*a) Naiisa-isa ang mga katangian, gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob.*<br><br>*Natutukoy ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos.*<br><br>2. Gamit ang *face fan,* itataas ng mga mag-aaral ang masayang mukha bilang senyales ng kahandaan.<br><br>Ang pagkakalikha ng tao ay ayon sa wangis ng Diyos ay nangangahulugan na tayo ay may mga katangiang tulad ng katangiang taglay Niya. Binigyan ng Diyos ang tao ng kakayahang mag-isip, pumili at umibig.<br>Ang tao ay isang nilalang na may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at sa masama. Ang kaniyang konsensiya ay indikasyon | Sa dulo ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>a) Naipaliliwanag na ang gamit ng isip at kilos- loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos ay nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan<br><br>2. Sa pamamagitan ng ngiti at pagpalakpak nang malakas, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | Sa araw na ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:<br><br>a) Naipaliliwanag na ang isip at kilos-loob ang nagpapabukod- tangi sa kaniya sa ibang nilalang.<br><br>2. Sa pamamagitan ng fireworks clap, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | Sa araw na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>a) Nailalapat ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasiya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br>b) Nakapagpapakita ng maingat na paghuhusga sa pamamagitan ng pagkilatis sa katotohanan at kabutihan<br><br>2. Sa pamamagitan ng lakas ng cheers and yell, tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral gamit ang salitang MATATAG ng bawat grupo sa kanilang yell. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng naturang orihinal na katayuang ito.<br>Tayo ay may kakayahang taglay. Ang Kaalamang Pakultad na tumutukoy sa panlabas na pandama at dahilang tao ay nakauunawa, nanghuhusga at nangangatuwiran.<br>Ang tao ay may dalawang pangunahing kakayahan: ang panlabas na pandama at ang panloob na pandama. Ang panlabas na pandama ay tumutukoy sa paningin, pandinig, pang-amoy at panlasa, na dahilan na ang tao ay may direktang ugnayan sa realidad. At ang panloob na pandama naman ay ang kamalayan, memorya, imahinasyon at instinct.<br><br>Mula sa ating talakayan, buuin natin ang mahalagang konsepto ng isip at kilos-loob.<br>bibigay ko sa inyo ang METACARDS na naglalaman ng mga katangian, gamit, at tunguhin ng isip at kilos-loob. Ilagay ito sa hanay ng | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Tunguhin, Isip, at Kilos-loob pagkatapos.<br><br>Mga nakasulat sa metacards:<br>Ayusin:<br>1. kabutihan<br>2. kaganapan ng tao<br>3. karunungan upang umunawa<br>4. katotohanan<br>5.matalinong pagpapasya<br>6. maingat na paghuhusga
<table>
<tr><th></th><th>Isip</th><th>Kilos-loob</th></tr>
<tr><td>Katangian</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Gamit</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Tunguhin</td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>Ayon sa katatapos lamang na gawain, anong mahahalagang kaisipan tungkol sa isip at kilos-loob ang inyong natutunan?</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalag</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *ang Konsepto sa Aralin* | | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Atasan ang mga mag-aaral na maghanap ng kapareha.<br><br>2. Gamit ang estratehiyang Think-Pair-Share, ipagawa ang Gawain 3.<br>Mga halimbawang tanong:<br>a. Tumutugma ba ang iyong iniisip at ginagawa sa bawat sitwasyon? Ipaliwanag ang iyong sagot<br>b. Dapat bang tugma ang iyong iniisip at ginagawa? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>c. Bakit may pagkakataong tama ang naiisip mong gawin subalit hindi ito ang iyong ginagawa? Ano sa tingin mo ang dahilan?<br>d. Kapag naisip mong hindi tama ang iyong ginawa, binabago mo ba ito? Bakit? | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | e. Anong mga halimbawa o sitwasyon sa buhay mo ang nagpapakita ng epekto ng iyong isip at kilos-loob sa mga personal mong desisyon at aksyon? | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | | Ipagawa sa mga bata ang ***Gawain 4***<br>Iguhit ang masayang mukha  kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggamit ng isip sa pagpapasya, tulad ng pagpili ng tamang sagot sa isang problema.<br>Iguhit ang malungkot na mukha  kung ang sitwasyon ay hindi pinag-isipan, tulad ng paggawa ng mabilisang desisyon na nagdudulot ng problema | (Maaring gumamit ang guro ng Powerpoint kung wala naman maaring gumamit ng kartolina.<br><br>Sabihin:<br><br>Ayusin ang mga jumbled letter upang makabuo ng mga salita na may kinalaman sa isip at kilos-loob. Isulat ang inyong sagot sa inyong kuwaderno.<br><br>1. N H K T O A A O A T<br>2. M O N O S E Y<br>3. U P S O<br>4. M A N D A P A<br>5. B A K N A H I T U<br><br>Mga Sagot:<br><br>1. KATOTOHANAN<br>2. EMOSYON | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. PUSO<br>4. PANDAMA<br>5. KABUTIHAN<br><br>Ang mga salitang ito ay may kaugnayan sa mga kakayahan ng tao na napag-aralan natin kahapon na tumutukoy sa panlabas na pandama at panloob na pandama, at sa pamamagitan nito nagkakaroon tayo ng kamalayan upang pumili at kumilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br><br>**Sabihin:** Upang tiyakin na naunawaan ninyo ang ating aralin, punan ng wastong salita ang sumusunod na patlang upang ganap na mabuo ang diwa ng pangungusap.<br>Magpapatugtog ako ng awitin at ipapasa ninyo ang bola sa kanan. Ang mag-aaral na may hawak ng bola kapag huminto ang musika ay siyang sasagot sa tanong.<br>(Maaari ding sabihin ng guro na ang ikalimang mag- | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | aaral mula sa nakahawak ng bola ang sasagot. Magkaroon ng iba't ibang estratehiya sa pagtawag ng bata.)-for clarity,organization, conciseness, consistency<br>1. Ang gamit ng isip ay _____ at ang kilos-loob naman ay ________.<br>.<br>2. Ang tungkulin ng isip ay __________ at ang kilos-loob naman ay ________________.<br>3. Ang tao ay _______________ nilalang.<br>4. Siya ay may isip na ____________at kilos- loob na _______ at ___________.<br>5. Nararapat na lamang na ito ay ________, __________, at _____________.<br>Mga sagot:<br>1. umunawa, kumilos o gumawa<br>2. katotohanan, kabutihan | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. natatanging<br>4. nakakaalam, pumapasya, pumipili<br>5. sanayin, paunlarin at gawing ganap | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | | Sabihin:<br>Panoorin ang pelikulang Heneral Luna (2015) napapaloob dito ang iba't ibat sitwasyon kung saan bilang tao, nagagamit natin ang ating isip at kilos- loob na maging gabay natin sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan<br><br>Gawain: *Suring Pelikula*<br>Suriin kung saan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga karakter sa sitwasyon sa pelikulang nais nating maunawaan kung paano ang isip at kilos-loob ay nagiging gabay ninyo sa pagpili ng makabuluhan at alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br><br>Bago ninyo panoorin ang mga pelikula isaalang- | Panoorin ang video na ito:<br>Selfless Giver: A Proud Caviteño (Short Film)<br>https://youtu.be/IBXyGm5NXlw<br><br>•Pagkatapos mapanood ang video narito ang Gabay na Tanong:<br><br>1. Ayon sa video na inyong napanood saang bahagi ng video ang nagpapakita ng panlabas na pandama at panloob na pandama?<br><br>2. Tama ba ang naging pagpapasya ng mga tauhan sa video? Ipaliwanag ang iyong sagot<br><br>3. Paano naipakita sa video ang paggawa ng mabuti o tama? | Ipagawa ang Gawain 5 sa mga mag-aaral. (Kung available ang internet mas mainaman kung gagawin ito sa jamboard)<br>Sa bawat araw na ating hinaharap kadalasan gumagawa tayo ng desisyon mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaking bagay. Sana sa paggawa ng desisyon lagi natin isipin ang mga epekto nito sa atinat sa ating kapuwa? Magbigay ka ng isang halimbawa ng pagpapasya na maaari mong gawin sa isang sitwasyon. Halimbawa, kung magpapasiya ka kung ipagpapatuloy mo pa ang paglalaro ng online games o titigil na at pagtuunan na lang ng pansin ang pag- aaral. Anuman ang iyong maging pasiya ay ibibigay mo kung ano-ano ang maaaring maging epekto ng pasiya mo at sa huli ano ang maaaring ibunga nito.<br><br>Panoorin ang video sa ibaba tungkol sa isip at kilos-loob |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | alang ninyo ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sinu-sino anf mga karakter sa Pelikulang Heneral Luna ang nagpapakita ng wastong pagpapasya alinsunod sa katotohanan at kabutihan?<br><br>2. Sino sa mga karakter ng pelikula ang nagpapakita ng pagsalungat sa dapat na inaasahang kilos na may pagkiling sa kabutihan?<br><br>3. Paano ipinakita ng mga karakter ng pelikula ang wasto at hindi wastong paggamit ng kilos-loob?<br><br>4. Kung ikaw si Heneral Luna gagawin mo rin ba ang mga naipamalas niyang pagpapasya para sa bayan?<br><br>5. Anong aral ang iyong napulot at natutuhan mula sa pelikulang iyong napanood? | 4. Ayon sa video, ilarawan mo kung paano naging gabay ang isip at kilos-loob sa pagpapasya tungo sa katotohanan? Paano naman itong naging gabay patungo sa paggawa ng kabutihan?<br><br>5. Ano sa palagay ninyo ang naging dahilan at bakit nila ginagawa ang mga bagay na iyon? Kung ikaw ang nasa kalagayan nila , iyon din ba ang gagawin mo? Bakit? | https://youtu.be/jWNE1zbytHQ?si=ndvkDCSVBuQmqp4T<br><br>Gumawa ng sariling diagram na nagpapakita ng sariling konsepto ng isip at kilos-loob. Ipaliwanag. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **Magpalaro gamit ang "Wheel of Fortune"**<br>Ang lahat ng mga pangalan ng bata ay nakasulat sa wheel of fortune. Kung kaninong pangalan natapat siya ang bubunot at sasagot sa tanong.<br><br>Mga tanong:<br>1. Ito ay kapangyarihan ng tao na pumili, magpasiya at isakatuparan ang napili. Ang pangunahing gamit nito ay kumilos o gumawa at kabutihan naman ang tunguhin nito.<br><br>2. Ito ay kapangyarihan ng tao na makaalam at mangatuwiran.<br><br>3. Upang magkaroon ng pag-unawa, kailangang gamitin ng tao ang pandamdam.<br><br>4. Ang pandamdam ng tao ay nahahati sa dalawang uri, ito ay panloob na pandamdam at panlabas na pandamdam, anong uring pandamdam ang tinutukoy ng kamalayan, | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | memorya, imahinasyon at instinct?<br><br>5. Anong pandamdam ang kinabibilangan ng paningin, pandinig, pandama, pang-amoy at panlasa?<br><br>6. Ano ang iyong pag- unawa sa salitang kilos- loob?<br><br>7. Ano ang ibig sabihin ng isip?<br><br>8. Magbigay ng pangyayari na hindi ka nagpasiya ng maayos.<br><br>9. Ito ay umaasa sa impormasyong binibigay ng isip.<br><br>10. Ito ay nagbibigay ng kapangyarihan sa tao sa pag-iisip.<br><br>**Pagkatapos sagutan ng mga bata ang Gawain 5, magkakaroon ng malayang talakayan patungkol sa isip** | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **at kilos-loob na iuugnay sa mga sitwasyong sinagutan sa itaas.** | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sabihin:<br><br>Bakit mahalaga ang papel ng isip at kilos-loob sa pagpapasya ng tao? | Sabihin:<br><br>Ang wastong paggamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos ay nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br><br>Ang katalinuhan ay hindi nasusukat sa dami ng nalalaman at taas ng pinag-aralan, kung hindikung paano ginagamit ang kaalaman upang ilaan ang sarili sa pagpapaunlad ng kaniyang pagkatao, paglilingkod sa kapuwa at pakikibahagi o paglilingkod sa pamayanan. | Sabihin:<br><br>Ang isip at kilos-loob ang nagpapabukod- tangi sa tao kaya ang kaniyang mga pagpapasiya ay dapat patungo sa katotohanan at kabutihan | Sabihin:<br><br>Bigyan ang bawat Grupo ng 3 minuto para gawin ang Role Playing.<br><br>Para sa Guro, ipakita ang Rubriks kung paaano sila markahan sa kanilang Role Playing. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Ano ang pinaka-importanteng natutunan mo ngayong araw na ito ayon sa ating paksa? | Ano-ano ang natuklasan mo sa iyong sarili na kailangan mo pang linangin ayon sa ating paksa ngayon? | Panoorin ang video sa ibaba:<br>**https://youtu.be/mV_w9Zv-TdM?si=qXjWh9yVLFFJNfSW** | Ipasagot sa mga mag-aaral ang 10 item na Lagumang Pagsusulit. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Paano mo maiuugnay ang iyong pinanood sa ating aralin ngayon?<br><br>Ano-ano ang iyong mga napagtanto sa tamang pagggamit ng isip at kilos-loob? | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | Para sa Guro: (Ibigay ito bago dumating ang araw ng Biyernes)<br><br>Sa darating na Biyernes magkaroon tayo ng Role Playing. Mag isip ng totoong nangyari sa inyong buhay kung saan naisagawa ninyo ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa pagpapasiya alinsunod sa katotohanan at kabutihan.<br><br>Maari din ninyong gawin na nagkaroon kayo ng maling desisyon ngunit naitama naman ninyo ito gamit ang inyong kilos- loob. | | Journal |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph